# Longevity pay ng mga guro, aprub na sa QC Council

Bilang pagtupad sa pangakong daragdagan ang benepisyo ng mga guro sa Quezon City, aprubado na sa ikalawang pagbasa ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ni Vice Mayor Joy Belmonte ang longevity pay sa mga pampublikong paaralan.

Nakasaad sa Ordinance No. SP-1407, S-2004 na iniakda ni Councilor Victor Ferrer, mula P100, ay gagawin ng P400 ang longevity pay ng mga guro sa bawat limang taon ng tuluy-tuloy na serbisyo upang makatulong sa mga gastusin ng mga ito.

"Education is one of our highest priorities in the city, and it is only right that we invest in our public school teachers. This is why the council has been expediting the approval of additional benefits – such as this longevity pay – to help our teachers," pahayag ni Belmonte.

Para naman sa mga gurong may hanggang 10 taon na serbisyo, pinapayagan sila ng isang taon na "gap year" basta't ang taong iyon ay dahil sa "medical or grave personal problems".

Ang pondo para sa dagdag benepisyo ay kukunin mula sa General Fund o Special Fund ng lungsod.

"We know that our public school teachers are, like all of us, wrestling with the effects of inflation. Right now, they are also dealing with big classes, long hours, and lack of equipment. These problems in our schools are things we want to help address in the long run, but right now, we are first pushing for additional benefits," ayon kay Belmonte.

Bilang pinuno ng Sangguniang Panlungsod, sinuportahan ni Belmonte ang mabilis na pag-apruba ng ilang mga ordinansang may kinalaman sa pagtaas ng mga ayuda para sa mga guro. *(Angie dela Cruz)*